Pangalan: Amein A. Umpa Level 1 – Batch 2
Paksa ng Khutbah: Ang Bid’ah [Pagdagdag at Pagbabawas sa Relihiyon]
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
Petsa: Hulyo 21, 2024

**Unang Bahagi ng Khutbah:**

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلْ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْدُ:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ سورة آل عمران: 102
“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.” (Surah Alo Imran: 102)

Mga kapatid at mga magulang sa relihiyong Islam, katakutan natin si Allah! Batid natin na ang Islam kailan man ay hindi nagkulang sa kahit anumang aspeto ng larangan at pamumuhay rito sa Mundo. Sapagkat ang Islam, bago pa man kunin sa atin ni Allah ang Kanyang huling sugo na si Propeta Muhammmad (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ay kinumpleto na Niya ito, at si Allah mismo ang nagpapatunay nito sa Qur-an. Siya ay nagsabi:

﴿ الْيَوْمَ أَكْمَلْتُ لَكُمْ دِينَكُمْ وَأَتْمَمْتُ عَلَيْكُمْ نِعْمَتِي وَرَضِيتُ لَكُمُ الْإِسْلَامَ دِينًا ﴾ سورة المائدة: 3
“Sa araw na ito ay kinumpleto Ko ang inyong relihiyon (Islam) at nilubos Ko ang Aking paglingap, pagbiyaya sa inyo at kinalulugdan ko ang Islam bilang inyong relihiyon.” (Surah Al-Maidah: 3)

Kaya mga kapatid sa Islam, nararapat lamang sa bawat isa na panghawakan niya ang relihiyong Islam kung paano pinanghawakan ng mga Sahabah (radhiyallahu ‘anhum) alinsunod sa katuruan ng Qur-an at Sunnah ng Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam). Panghawakan niya ito ng mahigpit at huwag hayaang ito ay sirain ng mga mapagkunwari na sapilitang sinisira ang relihiyong Islam sa pamamagitan ng pagdadagdag at pagbabawas sa mga katuruan nito upang ito ay tuluyan nang maglaho. Sapagkat ang relihiyon nating Islam at ang mga nilalaman nito ay gabay para sa sangkatauhan, at kung sinuman ang panghawakan niya ito, kailan man ay hindi siya maliligaw ng landas. Si Allah ay nagsabi:

ISA IBN MARYAM INC.
islam iman ihsan

﴿ وَأَنَّ هَٰذَا صِرَٰطِي مُسۡتَقِيمٗا فَٱتَّبِعُوهُۖ وَلَا تَتَّبِعُواْ ٱلسُّبُلَ فَتَفَرَّقَ بِكُمۡ عَن سَبِيلِهِۦ ﴾ سورة الأنعام: 153
"At tunay na ito ang Aking Landas, ang matuwid, kaya't ito ay inyong sundin, at huwag ninyong sundin ang landas ng iba liban sa landas ni Allah, sapagkat ililihis lamang nila kayo sa landas Niya." (Surah Al-An'am: 153)

Kaya naman mga kapatid sa pananampalatayang Islam, ang bawat gawa na hindi kabilang sa ating relihiyon, na walang basihan na magpapatunay dito mula sa Qur-an at Sunnah ni Propeta Muhammad (sallallahu 'alayhi wa sallam) ay matatawag na BID'AH na siyang makakapagpalayo sa tao sa tamang landas na iginawad ni Allah para sa atin: na siyang magiging dahilan upang tayo ay maligaw at makapasok sa Impiyerno. Ang sabi ni Propeta Muhammad (sallallahu 'alayhi wa sallam),

وكلَّ مُحدَثةٍ بدعةٌ ، وكلَّ بدعةٍ ضلالةٌ ، وكلَّ ضلالةٍ في النَّارِ. (أخرجه النسائي وأحمد)
"Ang lahat ng bago (sa Islam) ay Bid'ah, ang lahat ng Bid'ah ay pagkaligaw, at ang lahat ng pagkaligaw ay sa Impiyerno." (Inulat nina An-Nasa-i at Ahmad)

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, alamin natin na ang lahat ng gawaing pagsamba na walang basihang sumusuporta mula sa Qur-an at Hadith, kailanman ay hindi katanggap-tanggap kay Allah. Ang Propeta (sallallahu 'alayhi wa sallam) ay nagsabi,

مَنْ أَحْدَثَ فِي أَمْرِنَا هَذَا مَا لَيْسَ مِنْهُ فَهُوَ رَدٌّ. (رواه البخاري ومسلم) وَفِي رِوَايَةٍ لِمُسْلِمٍ: مَنْ عَمِلَ عَمَلًا لَيْسَ عَلَيْهِ أَمْرُنَا فَهُوَ رَدٌّ.
"Ang sinumang gumawa ng pagbabago sa gawain naming ito (mga pamamaraan sa Islam) na hindi kabilang dito ay hindi katanggap-tanggap (kay Allah)." (Inulat ni Al-Bukhari at Muslim), at ayon sa ulat ni Muslim: "Ang sinumang gumawa ng gawaing hindi kabilang sa aming gawain (mga pamamaraan sa Islam) ay hindi katanggap-tanggap (kay Allah)."

Mga alipin ni Allah, alamin natin na ang Bid'ah (o ang pagbabawas o pagdadagdag sa relihiyong Islam ng mga bagong katuruan o batas) ay makakasira sa tunay na relihiyong ibinaba sa atin ni Allah; na marapat na alamin natin na ang Bid'ah na ito ay nagbubura ng tunay na katuruan ng Islam, at pinapalitan nito ang Sunnah ng ating mahal na Propeta Muhammad (sallallahu 'alayhi wa sallam). Sa kasalukuyang panahon, ang halaga ng Sunnah ay naglalaho at natatabunan ng mga Bid'ah na ating lantarang nakikita sa mga social media, sa ibang sambayanan, lalo na sa ating komunidad, hanggang sa ang tunay na kahulugan at mensahe ng Islam ay tuluyan nang maglaho na kung saan ito ang nagiging dahilan kung bakit kapansin-pansin sa panahon natin ngayon na mas pinagsisikapan ng marami ang

pagsasabuhay sa mga bagay na hindi itinuro ng sugo ni Allah kaysa sa mga bagay na ipinag-utos mismo ni Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam), at iyon ay sa kadahilanang pinapaganda sa kanila ng Shaytan ang mga Bid’ah na kanilang ginagawa na hindi kabilang sa katuruan ng Islam.

Isa sa mga masasamang dulot ng Bid’ah sa tao kung bakit ang mga gawaing ito ay ipinagbabawal sa atin ng Islam ay parang iniisip ng mga taong mapaggawa ng Bid’ah o parang sinabi na rin nila na ang Islam ay kulang o hindi pa kumpleto batay sa dagdag-bawas nilang mga maling gawain. Gayunpaman, ang kaisipang ito ay taliwas sa Qur-an at Sunnah ng ating mahal na Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam). Sapagkat kung iniisip nila na ang Islam ay kumpleto na, tiyak na hindi nila ito dadagdagan o gagawa ng anupamang mga gawain na hindi kabilang dito. Ang Islam ay tunay na kumpleto na nga na hinayag sa atin ng ating Dakilang Lumikha – ang Allah – nang napakalinaw, mas malinaw pa sa sikat ng araw! Hindi nila alintana na sila ay nagmamataas nang dahil sa pagmamalabis nila sa katuruan na ibinaba ni Allah sa mahal nating Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam). Marahil ay iniisip nilang punan ang mga bagay na sa tingin nila ay kulang ngunit ito ay napakalaking kasalanan. Sapagkat ang ganitong pananaw na ang Islam ay hindi kumpleto ay sumasalungat sa Qur-an at Sunnah at nagpapasinungaling kay Allah at sa Kanyang sugo (sallallahu ‘alayhi wa sallam).

Ang mga taong mapaggawa ng Bid’ah ay nangangahulugan lamang na ikinahihiya nila ang mga Sunnah ni Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam), kaya sila ay gumagawa ng mga bagong pagsamba na hindi nila ikinahihiya, at maaaring maging ang kanilang oras, lakas, at yaman ay inilalaan nila sa pagsasabuhay ng mga Bid’ah na ito na kanilang inimbento. Magbalik tanaw tayo sa kasaysayan, na kung saan sila ay walang pinagbago sa pagsasabuhay ng mga gawaing ginagawa sa panahon ng Jahiliyyah o sa panahon ng kamang-mangan sa Makkah bago pa man umusbong ang Islam na kung saan sa pakiramdam ng bawat isa sa mga nagsasagawa ng Bid’ah ay mas mainam ang nasa kanila kaysa sa mga totoong ipinihayag sa sugo ni Allah na si Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam). Ang tunay na Sunnah mga kapatid ay binubuklod nito ang mga mananampalataya, pinagkakaisa nito ang kanilang mga puso, at pinayayabong ang kanilang pagmamahalan bilang magkakapatid sa Islam. Kaya’t sumunod tayo mga kapatid sa Qur-an na siyang ibinaba ni Allah at sa Sunnah ng Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam) bilang gabay sa sangkatauhan.

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

**Ikalawang Bahagi ng Khutbah:**

الحَمْدُ لِلهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Mga mahal kong kapatid sa pananampalatayang Islam, sadya nga namang nakamamangha na may kasamang pagtataka, kung papaanong nangyaring ang mga gumagawa ng Bid’ah ay napakasisipag at napakasisikap sa pagsasabuhay at pagsasagawa ng mga gawaing ito, gaya na lamang ng kanilang pagsasabuhay sa pagdiriwang ng kanilang kaarawan, kaarawan ng sugo ni Allah, Isra wal Mi’raj, at iba pa. Ngunit pagdating naman sa mga gawaing inubliga sa kanila ni Allah ay hindi nila pinagsisikapang magampanan gaya na lamang ng limang beses na Salah sa isang araw sa takdang oras nito. Nang dahil sa mga Bid’ah na kanilang ginagawa na pinapaganda sa kanila ng Shaytan ay hindi na nakapagtataka kung bakit ang mga taong ito ay walang pagpapahalaga sa totoong gawaing pagsamba na ikalulugod ni Allah sa kanyang mga alipin. Sapagkat ang relihiyon na kinilala nila ay ang relihiyong sila mismo ang gumawa na hindi isinagawa o itinuro ng ating mahal na Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam).

O mga alipin ni Allah Subhanahu wa Ta’ala, mahigpit na ipinagbawal sa atin ang pagsasagawa ng Bid’ah at mismo ang sugo ni Allah ay sadyang nagbigay babala sa atin laban sa Bid’ah na ito at lagi niyang sinasabi sa kanyang Khutbah:

فَإِنَّ خَيْرَ الْحَدِيثِ كِتَابُ اللَّهِ، وَخَيْرَ الْهَدْيِ هَدْيُ مُحَمَّدٍ، وَشَرَّ الْأُمُورِ مُحْدَثَاتُهَا، وَكُلَّ بِدْعَةٍ ضَلَالَةٌ، وَكُلَّ ضَلَالَةٍ فِي النَّارِ. (أخرجه النسائي وأحمد)

“Ang pinakamainam na salita ay ang aklat ni Allah (ang Qur-an), at ang pinakamainam na gabay ay ang gabay na ibinaba sa huling sugo kay Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam), ang pinakamasama at kinamumuhiang bagay ay ang Bid’ah, ang lahat ng Bid’ah ay pagkaligaw, at ang lahat ng pagkaligaw ay sa Impiyerno.” (Inulat nina An-Nasa-i at Ahmad)

Ito ay kanyang palagiang sinasabi upang sa gayon ay sumunod tayo sa tamang katuruan na tunay na Sunnah ng mahal na Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam) at panghawakan natin ng tama ang relihiyon na kinalulugod sa atin ni Allah, ang totoong kumpletong relihiyon – ang Islam. Panatilihing magsaliksik na may tunay na dunong sa ating relihiyon upang hindi tayo maligaw ng landas. Idinadalangin ko kay Allah na nawa'y lagi Niya tayong gabayan at gawing maging matatag sa pagsunod sa kanyang Deen (Ang relihiyong Islam), at nawa'y ipagkaloob Niya sa atin bago pa man tayo datnan ng kamatayan na tayo ay nasa kalagayan ng isang matuwid na Muslim. Ameen.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفْوَ فَاعْفُ عَنَّا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْلَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.
اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.
اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.
رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.
وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.
عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***